

# 1

“Hey, bro, nandito kami ni Trish sa Manila.” Kausap ni Robert ang kapatid na si Andrew sa telepono.

“Andito ako sa site, eh. Nasaan ba kayo?”

“Sa *MOA*.”

“Okay. Matatapos na din ako dito. Hintayin ninyo na lang ako diyan,” sagot nito at pinatay na ang cellphone.

“Nasa site daw siya,” sabi ni Robert nang bumaling kay Patricia. “Papunta na dito.”

Tumango lang siya rito mula sa puwesto niya sa passenger seat.

“Marami ka bang bibilhin?” usisa nito.

“Evening dress lang para sa gala night ni Mayor,” sagot niya at napabuntong-hininga. “Hay, bakit ba kasi kailangan ko pang mag-attend, Rob? Alam mo namang hindi ako mahilig sa mga ganoong pagtitipon at saka hindi mo naman ako masasamahan.”

Sinulyapan siyang sandali ng binata mula sa pagmamaneho. “Malaki ang maitutulong nito para sa

*Robbie's Nest*. Isipin mo na lang kung gaano kadaming kabataan ang makapag-aaral kung magkaroon ng maraming benefactors sa gala night na 'yun, Trish.”

Isang charity foundation ang *Robbie's Nest* na itinatag ni Robert mula sa trust fund na ipinagkaloob ng lolo nito. Naglalayon iyong makapagbigay ng scholarship grants sa mga deserving college students. Mahigit isandaang kabataan na ang nakapagtapos sa kolehiyo sa tulong ng foundation at isa siya sa mga recipients niyon.

Ulilang lubos na si Patricia. Namatay ang nanay niya sa panganganak sa kanya. Ang lola niyang yaya nina Robert at Andrew ang nagpalaki at nagtaguyod sa kanya. Noong mamatay ang matanda ay kinupkop na siya ng pamilya Salcedo. Sa ngayon ay nagtatrabaho siya bilang personal assistant ni Robert sa beach resort na pag-aari ng pamilya nito.

“Alam mo namang ikaw ang lucky charm ko. Presence mo pa lang mapapa-oo na ang mga benefactors,” nakangiting sabi ni Robert habang naghahanap ng mapaparadahan ng kotse.

“Is that suppose to be a compliment?” taas ang kilay niyang tanong.

Napahalakhak ito. “Your beauty can launch a

thousand ships, princess. At tested and proven na 'yan."

Takaw-tingin daw kasi ang ganda niya. Almond-shaped eyes na binagayan ng parang inukit na mga kilay at malalantik na pilik-mata. Matangos na ilong na lalong naging prominente dahil sa kanyang high cheekbones. Maninipis na mga labi na tila laging nakangiti. Ang mahaba niyang buhok ay may natural na kulot na parang laging dumaan sa curlers. Idagdag pa ng natural niyang pagkamahiyain. Malakas umano ang appeal niya sa mga kalalakihan.

Robert described her as elegant and classic.

Inalalayan siya nito sa pagbaba ng kotse. Tulad ng nakagawian ay humawak siya sa braso ng kababata habang naglalakad papasok sa mall.

"Aakalain ng iba girlfriend kita," nakangiting anito.

"Buti na lang kilala ko ang ultimate love mo," nakangiti rin niyang sagot. "At buti na lang hindi siya selosa di tulad ng mga girlfriends ni Andrew," napalabing dagdag niya.

"Give Andrew some credit, Trish. Pagdating sa 'yo, handang makipagpatayan 'yun. You're the sister we never had." Tinapik nito ang kamay niya.

Itinago ni Patricia ang lungkot. Kung alam lang

ni Robert na higit pa sa kapatid ang pagtinging inaalagaan niya para sa kakambal nito.

Hindi niya alam kung kailan nagsimula ang damdaming iyon. Hindi rin niya alam kung bakit kay Andrew siya nagkagusto gayong magkamukhang-magkamukha naman ito at si Robert. Di hamak na mas lamang din sa magagandang katangian si Robert kumpara kay Andrew.

Magkapareho man ang mukha ay magkaiba ang ugali ng magkapatid. Tahimik si Robert, maingay si Andrew. Mas gustong mag-isa at magbasa ni Robert, gala naman si Andrew. Gusto ni Robert ng routinary activities, adventurous naman si Andrew. Mature si Robert, marami pa ang mga childish ways ni Andrew. May one and ultimate love si Robert, nagbibilang ng girlfriends si Andrew. Kung may pagkakapareho ang magkapatid ay siya lang siguro iyon. Kung gaano ka-protective sa kanya si Robert ay ganoon din si Andrew.

Ngunit ang damdaming inalagaan niya sa dibdib ay pinakatatagu-tago niyang sekreto. Kahit kay Robert ay nahihiya siyang aminin iyon. Magkababata man sila at tila kapatid na kung ituring ng kambal ay hindi pa rin niya kapantay ang mga ito sa antas ng pamumuhay. Sina Robert ang amo at siya ay apo lamang ng tagapag-alaga ng mga ito. Kaya alam niyang sa

panaginip lang magkakatotoo ang kanyang pantasya.

Lihim siyang napabuntong-hininga at pilit na iwinaksi iyon sa isipan. Hindi na siya bata para mamuhay pa sa mga wishes at fairytales. Ang *gala night* ang dapat niyang pagtuunan ng pansin. Gusto niyang makatulong kay Robert sa paghahanap ng benefactors para sa *Robbie's Nest*. Kahit man lang doon ay maibalik niya sa foundation ang ginawang pagtulong sa pagpapaaral sa kanya.

Madali siyang nakapili ng damit na maisusuot.

“Katatawag lang ni Andrew, in five minutes nandito na daw siya. Hintayin na lang natin siya sa labas,” ani Robert nang lumabas siya ng fitting room.

Tumango siya at tinungo ang kahera para magbayad. Palabas na sila ng boutique nang may makasalubong na babae.

“So, ito na pala ngayon ang pinag-aaksayahan mo ng panahon kaya di mo na sinasagot ang mga tawag ko,” anang chinita kay Robert na tinapunan pa siya ng nang-uuyam na tingin mula ulo hanggang paa.

Nagkatinginan sila ni Robert at agad nahulaan kung sino ang babae. Isa sa mga girlfriends ni Andrew at tulad ng ibang hindi nakakaalam na kambal ang dalawa ay napagkamalan na naman nito si Robert.

“You’re making a mistake, Miss,” sabi ni Robert na agad iniharang ang braso sa kanya.

Pagak na natawa ang babae at pumalakpak. “Wow, a knight in shining armour! Kaya mo bang protektahan ang prinsesa sa wicked old witch, prince charming?” nang-iinsultong tanong nito sa binata at bago pa sila makahuma ay isang malakas na sampal ang iginawad nito sa kanya.

Hinatak siya ni Robert sa likod nito at pinigilan ang sumunod na sampal ng babae.

“You bitch! Mang-aagaw ng boyfriend!” malakas pang sigaw nito na pilit siyang inaabot ngunit pinipigilan ito ni Robert. Ito naman ang binalingan ng babae. “Manloloko!”

“Hey, hindi ako si Andrew!” ani Robert habang sinasangga ang kamay nito.

“Ay, hindi nga!” galit na galit pa ring hiyaw ng babae.

Napapatingin na sa kanila ang mga tao sa boutique. Ang mga naglalakad ay napapaligon na rin. May ilan pang lumabas ng mga stalls para tingnan ang kaguluhan. Noon patakpong dumating si Andrew. Pagkakita sa nangyayari ay siya agad ang nilapitan nito. Nagtagis ang mga bagang nito nang makita ang marka ng sampal sa kanyang pisngi. Lumapit ito sa

babae at mariing hinawakan ito sa isang braso.

“Tumigil ka, Candace!” salubong ang mga kilay na sabi nito.

“Sinungaling! Manloloko!” histerya pa rin ng babae.

Marahas itong niyugyog ni Andrew sa dalawang balikat. “Tumingin ka, Candace, dammit!”

Tumigil ang babae sa pagpupumiglas at nanlaki ang mga mata nang pinaglipat-lipat ang tingin sa magkapatid. Rumehistro ang matinding pagkagulat sa mukha nito.

Lalo pang dumami ang mga nang-uusyoso, tuwang-tuwa sa nasasaksihan. Parang nakapanood ng eksena sa pelikula. Napapailing na tumingin si Robert sa kapatid.

“Sa susunod na gusto mong gumawa ng eksena, siguraduhin mong tama ang hinala mo!” mahina pero mariin pa ring sabi ni Andrew kay Candace.

Patakbong umalis ang babae. Isa-isa na ring lumayo ang mga nang-uusyoso.

“I’m sorry, babe,” ani Andrew na niyakap siya.

Hindi siya sumagot.

Dinampot ni Robert ang paper bag ng pinamili

niya. “Bro, sa susunod puwede bang mamili ka naman ng hindi palengkerang girlfriend? Lagi na lang si Trish ang napapahamak, eh. Pati ako nadadamay,” anito sa kapatid habang pinapahid ng panyo ang dumugong leeg na hindi nakalagpas sa mga kalmot ni Candace.

“Bro, hindi ko na kasalanang iisa ang mukha natin. Dapat ko bang pigilan ang sarili ko dahil magkaiba ang taste natin?” sagot ni Andrew.

“At lagi na lang bang masasaktan si Trish dahil laging napagkakamalan na ako ikaw? Andrew, dapat bago ka makipagrelasyon sa kung sinong babae ay sinasabi mo kasi ang mga importanteng detalye na ganito para hindi na tayo napapagkamalan.”

“Hey, ni hindi ko nga ’yun girlfriend. Malay ko bang baliw pala ang babaeng ’yon.”

Itinirik ni Robert ang mga mata. Hindi ito ang unang beses na sinaktan si Patricia ng mga naging girlfriends ni Andrew.

“I’m sorry again, babe. Babawi ako. Kahit ano’ng hilingin mo, gagawin ko,” ani Andrew sa kanya.

“Mangangako ka na naman ’tapos di mo naman tinutupad,” nakalabi niyang sabi.

“Promise! Uuwi ako sa atin. One month ako d’un.



Nakaka-stress na dito sa Manila. Mag-a-unwind muna ako sa resort,” nakangiti nitong sabi.

“Di ka kaya mabagot sa resort nang ganoong katagal?” tanong ni Robert.

Hindi ito pinansin ni Andrew. “Sabihin mo kung paano ako makakabawi sa ’yo,” sabi ng binata na kay Patricia pa rin nakatingin.

“Samahan mo ako sa gala night ni Mayor Placido.”

Taas ang kilay na tumingin si Andrew sa kapatid. “One of your charities?”

“It’s for a cause, bro. Samahan mo na si Trish para for once makatulong ka man lang sa mga kapos-palad. Mapakinabangan ko man lang ’yang convincing powers mo para makakuha ng benefactors.”

“All right. I’ll be your Prince Charming for the night,” nakangiting sabi ni Andrew kay Patricia.

“Siguruhin mo lang na walang wicked witch na sisira ng gabi ko,” nakairap niyang sagot.

“Pangako, kahit lamok hindi mang-iistorbo sa iyo.”

“Pangako. Pangako. Huwag sanang mapako,” umiiling na sabi ni Robert.

## 2

“Andrew?” tawag ni Patricia sa pinto ng penthouse sabay katok. Walang sagot. Inulit niya ang pagtawag.

“Pasok!” narinig niyang sigaw mula sa loob.

Marahan niyang pinihit ang doorknob at itinulak pabukas ang pinto. Wala si Andrew sa sala. Narinig niya ang mahinang lagaslas ng tubig sa shower. Napailing siya nang makita ang nakakalat nitong mga gamit. May mga hinubad na T-shirt at pantalon na kung saan na lang nakapatong. May rubber shoe na walang kapares sa gitna ng sala. Nahuhulaan na niyang nasa kwarto ang kapares niyon. May mga pinagkainang pinggan sa ibabaw ng dining table.

Kahit kailan talaga, burara itong si Andrew. Palibhasa sanay na may sumusunod na katulong sa mga kalat nito. Isa-isa niyang dinampot ang mga nakakalat na damit at inayos ang mga gamit.

“Hi, babe!” Niyakap siya nito mula sa likuran.

Hindi niya namalayan ang paglabas ng binata sa kwarto at ang paglapit nito sa kanya. Napasigaw siya sa gulat at kumawala sa pagkakayakap nito. Hinampas niya ito ng throw pillow.

“Andrew, ano ba!” Pinandilatan niya ito.

Malakas na humalakhak si Andrew at ipinilig ang ulo. Tumilamsik tuloy sa kanya ang tubig mula sa basa pa nitong buhok.

“Andres, kainis ka!” malakas niyang reklamo habang pinupunasan ng palad ang nabasang mukha.

Tumatawa pa ring muli itong lumapit sa kanya at pinunasan ng hawak na towel ang mukha niya. Lihim siyang napaungol. Bakit kasi napakalambing ng lalaking ito? Hay, natutunaw na naman ang kanyang puso.

“Heh! Huwag mo akong hawakan!” paangil niyang sabi at lumayo rito.

“Ito, naglalambing lang, eh.” Pinunasan nito ng tuwalya ang basang buhok.

“Ewan ko sa 'yo!”

Sumalampak ito ng upo sa sofa. “Babe, nakita mo ba ang suklay? Kanina ko pa hinahanap, eh.”

“Paano po, nakakalat ang mga gamit mo. At saka tigilan mo nga ang katatawag sa akin ng babe at mamaya may makarinig.”

“So?” Lalo itong gumuwapo nang ngumiti.

Gusto na niya itong batukan. *Huwag mo akong tingnan nang ganyan, Andrew Salcedo, at baka makalimutan ko kung gaano ka kapalikero!*

“So ka diyan! Mamaya may magpraktis na naman sa akin ng karate at boxing,” singhal niya sabay bato rito ng suklay.

“Bakit kasi ayaw mo pa akong sagutin, eh, di sana ikaw na lang talaga ang girlfriend ko,” nakakalokong sabi nito.

“Bakit, nanliligaw ka ba?” ganting asar niya.

“Hindi ba? Hmm, mukhang pumapalya na ako, ah. Hindi umuubra sa 'yo ang mga punch lines ko?”

Inirapan niya ito. “Tado! Hindi ako kasing-desperada ng mga babae mo. Magpapatayan para lang sa 'yo. Yuck!” Napatili siya nang hatakin siya nito. Napahiga siya sa sofa. “Andrew, bitiwang mo ako!”

Hinawakan siya nito sa dalawang braso at padapang pinigilan ang kanyang katawan sa pagkakahiga sa sofa.

“For your information, Miss Patricia Luces, baka habul-habulin mo rin ako kapag natikman mo kung gaano ako kasarap,” anitong hinalik-halikan ang

tungki ng kanyang ilong.

“Andrew, banyak ka!” Iniiwas niya rito ang mukha.

Kinagat-kagat nito ang dulo ng tainga niya. Nagsitayuan ang balahibong-pusa niya sa batok. Tila gusto niyang lagnatin. Konting-konti na lang at baka bumigay na siya.

“Andrew, ano ba!”

Parang wala itong narinig.

“You’ll beg me to do this....” bulong nito. Naramdaman niya ang pagdako ng mga labi nito sa kanyang pisngi. “And this...” Dama na niya ang bibig nito sa gilid ng kanyang mga labi.

Hindi niya maipaliwanag ang sensasyong nadarama. Bago sa kanya ang mga ginagawa ni Andrew at aaminin niyang nagugustuhan niya iyon. Ngunit nagdadala rin iyon ng matinding pangamba sa kanya.

“Andrew, ano ba? Hindi ka na nakakatuwa...” tila maiiyak na niyang sabi.

Tumigil ito sa ginagawa at mataman siyang tinitigan. Nagpakawala ito ng malalim na buntong-hininga bago siya binitiwang. Mabilis siyang tumayo.

Papikit namang dumapa ang binata sa sofa.

“Sometimes you drive a man crazy...” bulong nito.

“Ano?” nagtataakang tanong niya.

“Wala...” sabi nito na hindi pa rin dumidilat. “Bakit ka nga pala nandito?”

“Pinapunta mo kaya ako.”

Bago ito makasagot ay may kumatok sa pinto.

“Ano ’yun?” tanong ni Andrew na nakadapa pa rin.

“Breakfast po, sir,” sagot ng nasa labas.

Tinungo ni Patricia ang pinto at binuksan. “Ang dami naman niyan, Ron,” aniya nang makita ang mga pagkaing nakapatong sa trolley.

“Ito ang mga ipinaluto ni Sir Andrew, eh,” sagot ni Ronnie, ang chef sa restaurant ng resort.

Tumango siya at tinulungan ito sa paglalagay ng mga pagkain sa mesa.

“Kelan ang off mo, Trish?” tanong ni Ronnie. “Umuwi pala si Lanie at nagkita kami kahapon. Labas daw tayo.” Magkaklase at magkababata sila nito.

“Talaga? Sige ba! Puwede ako mamaya.”

“Hindi puwede, Trish,” sabat ni Andrew na tumayo at lumapit sa kanila.

Bumaling siya rito. “Tapos na ang trabaho ko nang alas cinco, Andrew.”

Inakbayan siya ng binata at malambing na ipinatong ang baba sa kanyang balikat. “Alam ko, pero magpapasama ako sa ’yo para bumili ng maisusuot sa gala night ni Mayor. Minsan lang ako umuuwi dito ’tapos hahayaan mo naman akong mag-isa.”

Napabuntong-hininga siya. May magagawa ba siya?

“Sabihan na lang kita kung kelan ako puwede.” baling niya kay Ronnie.

Tumango sa kanya si Ronnie at bumaling kay Andrew. “Sige po, sir,” sabi nito at muling itinulak ang trolley palabas.

“Nanliligaw ba sa ’yo ’yun?” walang gatol na tanong ni Andrew pagkasara ng pinto.

Natawa siya. “Masama ba?”

Nakatalikod siya rito kaya’t hindi niya nakita ang pagsasalubong ng mga kilay nito.

“You deserve someone better, babe,” seryosong sabi nito.

“Mabait si Ronnie at saka responsable. Siya na ang nagtataguyod sa mga kapatid niya nang mamatay ang mga magulang nila. Wala pang bisyo. Mapalad ang babaeng mapapangasawa niya,” sagot niya.

“Okay, granted na magiging mabuti siyang asawa pero ayaw mo ba ng mas maalwang buhay?”

“Maalwan naman ang buhay ko. Ang mahalaga, mamahalin at tatanggapin ako ng kapamilya niya at magiging mabuti siyang asawa at ama. Kung pera lang ang batayan ng magandang pagsasama, di sana wala nang mayayamang nagkakahiwalay at sira ang pamilya. At saka malabong makakapag-asawa ng mayaman ang isang katulad ko. One in a million lang ang mga *Cinderella* na nakakapag-asawa ng isang prinsipe.”

“Masyado mo namang minamaliit ang sarili mo. You’re smart and beautiful. Mabait at masinop sa buhay. Nangangarap ang mga lalaki ng wife material at nasa ’yo ang lahat ng katangiang ’yon.”

“Hindi wife material ang hinahanap ng mga lalaki, Andrew, kundi bed partner. At saka sino namang lalaking may sinasabi sa lipunan ang gustong



makapag-asawa ng isang putok sa buho? Magiging mantsa lang ako sa perpekto nilang imahe,” mapait ang ngiting sabi niya.

“Hindi mo kasalanan ang pagkakamali ng nanay mo. Pinalaki kang mabuting tao ng lola mo. Maraming babaeng nababalutan nga ng ginto pero bastos naman ang ugali at pagkatao.”

“Pero ilan ba sa mga lalaki ang tumitigil muna at kinikilala ang babae bago sumunggab? Ikaw, bago mo sini-seduce ang mga babae, inaanalisa mo pa ba kung wife material siya?”

Hindi agad nakasagot ang binata.

“Hindi mo masagot kasi tama ako, hindi ba? Mas inuuna n’yo ang init ng katawan. Para sa akin, tama na ang mangarap at hanggang doon na lang ’yun.”

“Balang-araw patutunayan ko sa ’yong hindi lang sa fairytales may forever.”

“Kapag nagkatotoo ’yan, ikaw ang una kong babalitaan,” nakatawa niyang sabi.

Bago makasagot si Andrew ay tumunog ang cellphone nito. Binasa nito ang pangalan sa caller ID.

“Babe, sagutin mo,” sabi nito sabay abot sa kanya ng telepono.

“Ano? Sino ba ’yan?” tanong niya.

“Basta sagutin mo. Sabihin mo wala ako.”

“Ay, ayoko nga! Mamaya kung sinong girlfriend mo na naman ’yan. Huwag mo na lang sagutin.”

“Sige na, babe, please! Mangungulit pa rin ’yan kapag di ko sinagot, pleeease...” pagmamakaawa nito sabay luhod sa harapan niya.

“Hoy, ano ba tumayo ka diyan,” aniya at kinuha ang cellphone.

Pinindot niya ang answer key. “Hello?”

“Sino ka? Nasaan si Andrew at bakit nasa ’yo ang cellphone ng boyfriend ko?” galit na galit na tanong ng babae sa kabilang linya. *Sabi na nga ba.*

Tumingin siya sa binata. Pinagdaop nito ang dalawang palad at ipinatong doon ang ulo. Pinandilatan niya ito. “Ah... natutulog pa siya, eh.”

“Ano? At magkasama kayo diyan sa kwarto niya? Bitch!” sigaw nito.

Bahagya niyang inilayo ang cellphone sa tainga. “May ipagbibilin ka ba sa kanya? Sasabihin ko na lang mamaya pagkagising niya,” mahinahon niyang sabi pagkuwan.

“Oo! Sabihin mo break na kami at humanda siya kapag nagkita kami!” galit pa ring sabi nito sabay patay sa cellphone.

“Ano’ng sabi?” nakangiti pang tanong ni Andrew.

“Break na daw kayo.”

Parang walang anumang nagkibit-balikat lang ang binata.

“Gan’un lang? Di ka man lang nanghihinayang?”

“Nanghihinayang saan? Hindi siya wife material.” Kumindat pa ito. “Kain na tayo.” Pinaupo muna siya nito bago pumuwesto sa harap niya.

“Balang-araw aanihin mo ang itinanim mo, Mr. Robert Andrew Salcedo.”

“Sana ay masaganang ani.”

“Luko-luko ka talaga!”

---

“Babe, kailangan ba talaga ni Rob ang pagdalo mo sa party na ’to?” tanong ni Andrew habang minamaniobra ang sasakyan palabas ng resort.

Napabuntong-hininga siya at sumulyap dito. “Kung ako lang ay ayoko talagang pumunta. Alam

mo namang allergic ako sa maraming tao. Kung paanong nabuo sa isipan ng kapatid mong kaya kong makahikayat ng benefactors para sa *Robbie's Nest* ay isang malaking kalokohan. Anyway, nandito ka naman para gawin 'yun."

Hinawakan ng binata ang isa niyang kamay at masuyong pinisil. "Hey, hanggang ngayon ay ang baba pa rin ng self-esteem mo. Bago ang iba, dapat ay ikaw muna ang bumilib sa sarili mo. Pera lang ang lamang nila sa 'yo."

"At pinanggalingan. Hangga't nandidito ako sa San Rafael ay hindi mababago ang tingin ng mga tao sa akin. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ako lubusang natatanggap at napapatawad sa kasalanan ng nanay ko kahit wala na dito ang pamilya ni Congressman Lucero."

Si Andrew naman ang napabuntong-hininga. "At hanggang ngayon ay hindi mo pa rin siya magawang tawaging tatay."

Natawa siya nang pagak at ibinaling ang tingin sa kalsada. "Dahil wala siya ni katiting na karapatan para kilalanin ko siyang ama. Bakit ko tatawaging tatay ang taong hindi ako kailanman kinilalang anak? Kung makaasta ang mga kamag-anak niya ay para bang ang nanay ko pa ang may kasalanan na naudlot

ang pamamayagpag niya sa mundo ng pulitika. Ano ang laban ng isang disinueve anyos na babae sa isang maimpluwensyang abogado at congressman? Kaya nilang patahimikin ang media at kaya nilang pagtakpan ang katotohanan, pero paano nila iyon maitatago gayung ako ang buhay na patunay ng kanyang kasalanan?” Hindi niya maitago sa tinig ang pait.

Kung hindi lang siya kamukhang-kamukha ni Congressman Lucero ay maaari niyang itago ang bahaging iyon ng kanyang pagkatao. Kung may ayaw mapaugnay rito ay si Patricia na iyon. Para sa kanya ay patay na ang kanyang ama kasabay ng pagkamatay ng nanay niya matapos siyang ipanganak.

Kailanman ay hindi niya gagayahin ang katangahan ng ina pagdating sa pag-ibig. Hindi siya magpapauto sa mga lalaking ang hangad lamang ay mairaos ang init ng katawan. Hindi na niya uulitin ang kapalaran ng kanyang ina.

---

Hindi lamang iilan ang napapatingin nang pumasok sila sa bulwagan ng hotel. Wala sa loob na napahigpit ang hawak niya sa braso ni Andrew. Masuyong tinapik ng binata ang kanyang kamay. Agad na sumalubong sa kanila si Mayor Placido.

“Buti at pinaunlakan mo ang aking paanyaya, Robert,” anang alkalde na inilahad ang kamay.

Tinanggap ni Andrew ang pakikipagkamay nito. “Si Andrew po ako, Mayor. May mahalagang lakad si Robert kaya ako muna ang proxy niya ngayong gabi.”

Natawa ang mayor. “Pasensya na, Engineer. Hanggang ngayon ay hindi ko pa rin masabi kung sino ang sino sa inyo ni Robert. Mabuti naman at nauwi ka ng San Rafael.”

“Oho nga po. Matagal na rin kasi akong hindi napipirme dito. Kung makauwi ako dati ay hanggang tatlong araw lang ang inilalagi ko. Hopefully ay magbabakasyon ako nang matagal-tagal ngayon.”

“Good, good!” nasisiyahang wika nito at bumaling sa kanya. “At kumusta ka na, Patricia? You look very lovely.”

“Mabuti po, Mayor. Salamat po,” matipid niyang sagot at tinanggap ang pakikipagkamay nito.

“At lalo pang lumutang ang dugong Lucero sa paglipas ng mga taon,” anang papalapit na si Abigail Placido.

“Abby...” nahihiyang sansala ng alkalde sa anak ngunit hindi man lang ito pinansin ni Abigail.

“Mas Lucero kang tingnan kaysa sa mga anak ni Atty. Lucero, hindi ba, Papa?” patuloy nito at walang anumang bumaling kay Andrew. “And if it isn’t the elusive Andrew Salcedo!” nakangiti nitong bati at kumapit sa isang braso ng binata. “Akala ko ay magiging boring ang gabing ito. I’m glad nandito ka. Let’s have some refreshments,” sabi nito at hinila ang binata patungo sa buffet table.

Napatikhim si Andrew at binalingan siya bago paangking hinawakan sa baywang. “Tara, babe.”

Napatigil si Abigail sa paghakbang. “Babe?” kunot ang noong tanong nito.

“Girlfriend ko si Patricia, Abby,” walang gatol na sabi ng binata. “Kaya ako umuwi ng San Rafael ay para magkasama naman kami nang matagal. Alam mo na, makabawi sa mga taong lumipas.”

“Girlfriend?” Parang parrot na si Abigail na inuulit lang ang sinasabi ni Andrew.

“Sa ngayon. Pero sana bago ako bumalik ng Manila ay fiancée na o mas mainam sana kung wife?”

Gusto niyang hawakan ang dibdib sa tindi ng pagkabog. Hindi siya makapagsalita sa sobrang kabiglaan. Ano ang pinagsasabi ng lalaking ito?

“Magandang balita ’yan, Andrew. Matagal na rin mula nang magkaroon ng engrandeng kasalan dito sa San Rafael. Sigurado akong magiging wedding of the year ang kasal ninyo ni Patricia. Hindi na rin naman nakapagtataakang magkagustuhan kayo. Aba’y halos sabay na kayong lumaki at nagkaisip. Masaya ako para sa inyo.”

“Salamat po, Mayor. Isa po kayo sa ninong, ano ho?” ani Andrew.

Natawa ang alkalde. “Aasahan ko ’yan.”

“Papa!” nanlalaki ang mga matang saad ni Abigail.

Hinawakan ito ni Mayor Placido sa braso at marahang inilayo sa kanila. “May mga bisita pang dumarating, Abby,” disimuladong sabi nito sa anak at binigyan ng tango si Andrew.

“Ano’ng pinagsasabi mong girlfriend, Andrew?” paanas niyang sita habang iginigiya ng binata palabas ng veranda.

“Kailangan ko ng rason para hindi kulitin ni Abigail. Hindi ba ipinangako kong walang sisira sa gabi mong ito? Tinutupad ko lang ang pangako ko, babe,” paliwanag nito.



“At my expense?” Hindi niya alam kung bakit siya naiinis. Dahil ba sa pagsasabing girlfriend siya ni Andrew o dahil hindi talaga totoo iyon?

“Mas gusto mo bang maging anino naming dalawa sa gabing ito? Kilala mo si Abigail, Trish. Kung alam niyang wala akong nobya sa ngayon ay siguradong kukulitin na naman ako niyan. At siguradong hindi ako lulubayan. Huwag mo na ngang pansinin ’yun at hindi siya worth pag-aksayahan ng oras. Nandito tayo para mag-enjoy. Sayaw tayo.” Iniangkla nito ang kanyang mga braso sa leeg at hinapit siya sa baywang.

“Hindi ito ang dance floor, Andrew,” protesta niya.

“Abot naman hanggang dito ang music, eh.” nakangiti nitong sabi.

“Nandito tayo para makakuha ng benefactors para sa *Robbie’s Nest*. Dapat ay nakikipag-usap ka sa mga bisita ni Mayor. Nakita ko kanina si Governor Robleza.”

“Chill, Trish. Maaga pa. Mag-enjoy muna tayo.”

“Alam mo, magaling kang artista. Muntik na akong maniwalang in love ka sa akin nang titigan mo ako kanina, ah.”

Bahagyang natawa ang binata. “Baka nakakalimutan mong miyembro ako ng Theater’s Guild noong college.”

“Oo nga pala. Ano nga ba ang tagline ng school paper sa ’yo dati? *Most Romantic Rizal*.”

“At paano nangyari iyon?” nanunudyong tanong ni Andrew. “Magaling din kasi ang leading lady ko. Pinaniwala mo din ang lahat na sobra kang in love kay Rizal sa halik na ’yun.”

Agad siyang pinamulahan sa alaalang iyon. Siya ang gumanap na Josephine Bracken noon at ang tinutukoy ni Andrew ay ang halik na ginawa ni Rizal kay Josephine sa huling pagkakataon bago ito barilin sa Bagumbayan.

Kung alam lang ni Andrew na totoo talaga ang damdamin niyang nakapaloob sa halik na iyon. Tila pinatunayan lang ng halik ang kanyang nararamdaman sa binata. Noon niya inamin sa sariling in love nga siya kay Andrew Salcedo. At hindi niya kailan man nakalimutan ang halik na iyon.

“Kaya mo pa bang muling isabuhay ang halik, babe?” bulong ni Andrew na dahan-dahan ibinaba ang ulo.

Nataranta siya. “A-Andrew....” Tumututol ang

kanyang utak, pero nag-aabang ang kanyang puso.

“Papalapit si Abigail. Let’s make her believe the lie,” sabi nito bago hinuli ang kanyang mga labi.

Hindi na nagrehistro sa kanyang utak ang sinabi nito. Ang mahalaga lang nang mga sandaling iyon ay ang tila niya paglipad sa kalawakan. Tulad ng dati ay narating niya ang langit at narinig ang awitan ng mga anghel. Ilang ulit na naging laman ng kanyang mga panaginip na maulit ang halik na ito at ang pagtupad ng panaginip na iyon ay nagdala ng luha sa kanyang mga mata.

Marahan siyang dumilat nang pakawalan ni Andrew ang kanyang mga labi. Gustong niyang maniwalang pag-ibig ang nasasalamon niya sa mga mata ng binata. Siya si *Cinderella* sa gabing ito at hiniling niyang sana’y huwag munang tumunog ang orasan.

---

Nagulat si Andrew sa sariling reaksyon. Hindi tulad noon, may naramdaman siyang kakaibang damdamin. Tila siya nagising sa kauna-unahang pagkakataon. Noon ay natatawa siya sa mga romantikong linya niya sa mga dramang kanilang itinatanghal.

## *Hiling ng Puso - Mitch Francisco*

---

*Ang matamis mong mga halik. Ang pagtigil ng pagtibok ng puso ko habang nakatitig sa iyong mga mata. Ang tila pag-awit ng anghel sa tuwing ika'y aking nahahagkan.*

Corny. Iyon ang lagi niyang sinasabi noon. Mga palamuti lang ng mga makata ang mga linyang iyon upang kiligin ang mga manonood. Pero bakit tila ngayon ay naiintindihan na niya ang talagang kahulugan ng mga salitang iyon? Bakit tila siya gustong pangapusan ng hininga dahil sa lakas ng pagtambol ng kanyang puso? At bakit tila iba ngayon ang dating ng halik niya kay Patricia? Na tila ba ayaw na niyang matapos ang pagkakataong ito.

Ito na ba ang sinasabi ng ibang pag-ibig? Ano ang gagawin niya?

# 3

Pagpasok pa lang ni Andrew sa opisina ng kapatid ay ang mga bouquet na agad ng mga bulaklak na nasa ibabaw ng center table ang kanyang napansin.

“Hindi ko alam na may girlfriend ka, Rob,” aniya at umupo sa receiving chair.

“Ha?” nagtataakang sabi ni Robert na tinapunan ng tingin ang kakambal.

“Napakaespesyal naman niya na ang dami nitong bulaklak na ibibigay mo.”

Natawa si Robert. “Hindi sa ’kin ang mga ’yan. Bigay ’yan ng mga guests natin kay Patricia.”

Biglang nawala ang kanyang ngiti at nagsalubong ang mga kilay. “May nanliligaw na mga guests natin kay Trish?”

“Ang ilan sa mga ’yan ay galing pang Manila. Ang titiyaga nga, eh. Hindi rin nawawalan ng tawag ang receptionist na hinahanap si Patricia.”

“Buti naman at di siya nagpapabola sa mga ’yun.”

“Alam na niya kung ano ang boladas sa sincere

na panliligaw. Ikaw ba naman ang living example,” nakangiting sabi ni Robert.

“Tado!” aniya at pabirong binato ang kapatid ng ballpen. Nakatawang umilag si Robert. “Asan na nga pala siya?”

Tumingin si Robert sa pool area na kitang-kita mula sa opisina nito. Ininguso nito ang dalaga na nakaupo sa isa sa mga lounging chairs na naroon. May kausap itong isang lalaki. Tila nagbibiro ang kasama nito at napatawa ang dalaga.

Muling nagdilim ang kanyang mukha. “At sino naman ang mokong na ’yon?”

“Guest natin.”

“Nanliligaw din sa kanya?”

Nagkibit-balikat si Robert.

“Simula lang ’yan. ’Tapos ano? Yayayain na siyang mamasyal, mag-dinner and who knows kung ano pa ang kasunod?”

Napahalakhak si Robert. Kunot-noong tumingin siya rito. “Ano’ng nakakatawa?”

“Ang sagwa mo palang magselos. Di bagay sa ’yo.”

“Anong selos ang pinagsasabi mo diyan?” mariin niyang tanggi. “Nag-aalala lang ako na baka lokohin lang siya at saktan.”

“Hey! Bakit ka defensive? Parang ka palang matandang dalagang nagme-menopause kapag nagseselos.”

“Sabi nang hindi ako nagseselos!”

“Eh, di hindi! Anyway, mukhang may intindihan na rin naman sila ni Ronnie,” ani Robert.

“Ano’ng ibig mong sabihing may intindihan?”

“MU. Hindi ako tsismosong tao. Napapansin ko lang na sa lahat ng mga manliligaw niya ay kay Ronnie siya pinakamalapit. Siguro ay dahil magkababata din sila at magkaklase pa dati. Wala din naman akong tutol kung magustuhan niya si Ronnie. May tiwala akong hindi niya paiiyakin si Patricia.”

Hindi na siya nakapagkomento sa impormasyong iyon. Pero hindi niya alam kung bakit may pagtutol siyang nararamdaman na may lalaki nang nagugustuhan si Patricia.

---

“Nag-enjoy ako, Patricia,” ani Peter.

“Ako din,” nakangiting sagot ng dalaga. “Sayang at hindi natin kasama si Celine.”

“Talaga lang kasing maselan ang pagbubuntis niya. Kaya ko nga siya dinala rito para mabawasan ang stress niya sa Maynila. Mahal ko ang asawa ko at ayaw kong makitang nahihirapan siya. May katigasan din kasi ng ulo ’yang kaklase mo. Kahit sinasabihan ko nang tumigil na lang sa bahay ay ayaw makinig.”

“Alam mo naman si Celine, kahit noong college kami hindi napipirme ’yan at laging may binubutingting. Feeling niya magkakasakit siya kapag walang ginagawa, eh.”

Napatawa si Peter. “Basta ninang ka sa binyag ng anak namin, ha. Hindi na kami babalik dito sa resort kapag tumanggi ka.”

“Paano pa ako makakatanggi niyan, eh, bina-blackmail mo na ako,” aniya at tumawa.

“Good! Tatawagan kita, ha. Same pa rin ang number mo?”

Tumango ang dalaga. Nagulat siya nang may humalik sa kanyang pisngi. Umupo si Andrew sa kanyang tabi at paangkin siyang inakbayan.

“Hi, babe. Hindi mo ba ako ipakikilala sa guest



natin?” nakangiting sabi nito at bumaling kay Peter. “Andrew Salcedo, boyfriend ni Patricia,” sabi nito at iniabot ang kamay kay Peter.

Nanlalaki ang mga matang napatingin siya rito.

“Peter Calderon,” sagot ng kaharap at nakipagkamay. Nakangiting bumaling sa kanya si Peter. “Di mo sinasabi na boyfriend mo pala ang may-ari ng resort. Eh, di sana ay nakahingi kami ng discount,” pabiro nitong dagdag.

“Hindi kami—”

“Babe, hindi nakakahiyang maging boyfriend mo ang may-ari ng pinagtrabahuhan mo,” putol ni Andrew sa kanyang sinasabi. “Mahal kita at ’yun lang ang mahalaga, hindi ba?”

*Ano na namang kalokohan ang iniisip ng lalaking ’to?*

“Tama siya, Trish. All is fair in love and war, ika nga,” sang-ayon ni Peter.

Tumunog ang cellphone ni Peter. Nag-excuse ito at tumayo para sagutin ang tumatawag. Tinapunan niya ng matalim na tingin si Andrew nang sila na lang ang naiwan.

“Ano’ng ginagawa mo, Andres?” sita niya rito.

Bago pa siya makapag-uisang muli ay nakabalik na si Peter. “Si Celine. Mauna na ako. Nice meeting you, pare.”

Nang makalayo si Peter ay kinurot niya sa tagiliran si Andrew. Nakangiwing pinigilan nito ang kanyang kamay.

“Babe naman, masakit, ha,” reklamo nito.

“Talagang masasaktan ka sa ’kin. Bakit mo sinabing boyfriend kita? Nakakadalawa ka na,” taas ang kilay niyang tanong.

“Babe, ayoko lang maloko ka ng kung sinu-sino diyan. Kung may manligaw sa ’yo dapat ay kilatisin ko muna. Mamaya niyan paiyakin ka lang.”

“Anong ligaw-ligaw ang pinagsasabi mo diyan?”

“O, di ba nanligaw sa ’yo ang mokong na ’yun? At ibinigay mo pa talaga ang cellphone number mo.”

“Ay, ewan ko sa ’yo!” Tumayo na siya at nagpatiuna sa paglakad papunta sa opisina ni Robert.

Pinigilan siya ni Andrew sa isang braso. Seryoso na ang mukha nito. “Narinig kong pumayag ka na sa susunod na date ninyo. Gaano mo ba kakilala ang lalaking ’yon at nakikipag-date ka na sa kanya? Mamaya niyan may asawa na pala ’yon at naghahanap

lang ng babaeng mabobola na kagaya mo.”

“Mabait si Peter at saka nagkukuwentuhan lang kami.”

“Basta, ayoko nang makikipagkita ka sa kanya.”

“Teka nga, bakit mo ba pinanghihimasukan pati ang bagay na 'to? Ano'ng gusto mo, buruhin ko ang sarili ko dito at maging matandang dalaga habang-buhay?”

“Concerned lang ako sa 'yo.”

“Okay, salamat, Mr. Salcedo, pero hindi na ako bata para diktahan sa kung ano ang dapat at hindi ko dapat gawin. At saka ano sa 'yo kung makipag-date ako?”

“Hindi puwede!” matigas na sabi ni Andrew.

“Bakit?”

“Wala akong tiwala sa kanya.”

“Eh, kaya nga may knowing each other stage para magkakilala, di ba?”

“Basta, ayoko!”

“Bakit nga?”

“Dahil nagseselos ako!”

Wala na siyang maapuhap isagot doon. Ganoon na lang ang pagtambol ng kanyang dibdib. Totoo ba ang naririnig niya? At bakit magseselos si Andrew?

Tiningala niya ito at tinitigan, pilit binabasa sa mga mata nito ang kahulugan ng sinabi. Ngunit wala sa kanya ang pansin ng binata. Nakatingin ito sa kanyang likuran. Lumingon siya para alamin kung sino o ano ang nakakuha ng atensiyon nito at agad napalitan ng panlulumo ang kaunting pag-asang naramdaman. Papalapit sa kanila si Abigail.

Lihim siyang napabuntong-hininga. Gusto niyang matawa. Hindi ba at sinabi niya sa sariling huwag mamuhay sa pantasya? Bakit siya ngayon umasam na sana ay may katugon ang kanyang nararamdaman kay Andrew? Pilit niyang iwinaksi ang kudlit ng panghihinayang sa dibdib.

“At bakit ka naman nagseselos, Engineer Salcedo? Wala nang magtitiyaga sa akin kundi ikaw,” pagbibiro niya upang pagtakpan ang sakit na nararamdaman.

“At least hindi ka naman pala masyadong ilusyunada.”

Sabay silang napatingin kay Abigail na siyang nagsalita.

“Hindi ka dapat nakikinig sa usapan ng iba,” ani

Andrew rito.

Binigyan ito ng matamis na ngiti ni Abigail. “Napadaan lang ako, Andrew. Kasalanan ko ba kung marinig ko kayo?” Bumaling ito sa kanya. “Anyway, bantayan mong maige ang boyfriend mo, Patricia. Better yet, huwag mo nang pabalikin ng Maynila. Marami doon ang mas deserving maging Mrs. Andrew Salcedo na naghihintay lang pakawalan mo ang lalaking ito.”

“Tulad mo?” sabi na lang niya na ikinangiti ni Andrew.

“Hindi ako naghihintay ng pagkakataon, dear, sinusunggab ko kahit anong oras,” balewalang sagot nito. “At, oo, gusto ko ang boyfriend mo. Kaya kung puwede lang pagsuotin mo ng helmet. Baka kasi mauntog at matauhan, matulad ka pa sa nanay mong iniwan,” sabi nito bago nakakalokong ngumiti at tumalikod.

Napahugot siya ng malalim na hininga sa lantaran nitong pang-iinsulto. Masuyo siyang inakbayan ni Andrew. “Huwag mong hayaang maapektuhan sa mga pinagsasabi ni Abigail. Ikaw din ang talo kapag pinatulan mo ang kababawan niya.”

“Patulan mo na kasi para hindi na parang asong

sunod nang sunod sa 'yo. Pati naman ako idinadamay mo sa mga problema sa mga babae mo.” Pumiksi siya sa hawak nito at itinuloy na ang pagtungo sa opisina ni Robert.

Hinabol siya ni Andrew at muling inakbayan. “Kasalanan ko ba kung ipinanganak na irresistible itong boyfriend mo?”

“Boyfriend na hilaw! Tigilan mo na ang drama at wala nang audience, Andres.”

Nakatawa itong bumitaw sa pagkakaakbay sa kanya. “Ligawan kita diyan makita mo.”

“Sagutin kita diyan eh, kung di matapos ang maliligayang araw mo!” ganti niya.

“At bakit naman matatapos, aber? Kapag bumalik na ako ng Maynila ay hindi mo na malalaman ang mga aktibidades ko doon. Ni wala kang alam kung nagloloko ako o hindi,” patuloy nitong pang-aalaska.

“Wala ka talagang patawad, Andres. Pati ba naman ako ay balak mo pang ibilang sa listahan ng babaeng paglalaruan mo?”

“Pati ba ikaw ay hindi alam kung nanloloko pa rin ako o nagpapakatotoo na?” ganting tanong nito.

“Masyado kang magaling umarte, Andrew

Salcedo. At huwag mo akong itutulad sa mga babaeng nagkandarapa sa iyo dahil ayokong matulad sa nanay kong nagpakatanga nang dahil sa pag-ibig.”

Hindi niya napansing saglit na natigilan ang binata sa kanyang sinabi. Napatili na lang siya nang hilahin ni Andrew at ikulong sa mga bisig nito. Seryoso na ito nang magtama ang kanilang mga mata.

“You, Patricia Lucas, would always see through me. At kapag tinotoo ko ang mga sinabi ko ay sisiguraduhin ko sa ’yong hindi mo pagdududahan ang mga dahilan ko.”

“Dapat lang dahil magpapakalunod ako sa dagat kapag naulit sa akin ang kahihiyang ginawa ng nanay ko.”

# 4

“Magandang, magandang, magandang morning!” masiglang bati ni Andrew pagpasok sa opisina ng kapatid.

Hindi man lang tumingin sa kakambal si Robert na may pinipirmahang mga papeles sa mesa nito. Sanay na ito sa ganitong ugali ng kapatid.

Nagulat si Patricia nang halikan siya sa pisngi ng binata at buhatin sa ere. Napatili siya at natapon sa sahig ang cookies na dala-dala niya. Buti at nailapag na niya sa mesa ang baso ng juice na kasama niyon.

“Andrew, tigilan mo ang paghahasik ng lagim sa opisina ko,” reklamo ni Robert.

“May maganda akong balita, guys,” tuwang-tuwang sabi nito nang muli siyang ibaba.

“What’s the excitement about?” tanong ni Robert.

“Isa sa pinakamalalaki naming kliyente ang magba-branch out abroad, Singapore and Canada. Gusto nila ay kami pa rin ang gumawa ng mga buildings nila doon. So in two weeks, we’re gonna be working overseas.”



“Wow! Congrats, bro!” natutuwa na ring sabi ni Robert.

“Sa abroad ka na niyan maghahasik ng lagim,” pang-asar ni Patricia rito habang pinupulot ang mga cookies sa sahig.

Napahalakhak si Robert.

“Sa ’yo lang naman di umeepek ang kamandag ko. May secret antidote ka yata, eh,” ganting biro nito.

“Talaga!” aniya sabay irap dito.

Umupo ito sa sofa na nasa harap ng mesa ng kapatid. “Anyway, may plano ka na ba para sa birthday natin, bro?” tanong ni Andrew sa kakambal.

“Yeah. May convention akong pupuntahan, so ibig sabihin ay kayong dalawa na lang muna ang magsi-celebrate.”

“Robert Andrei, ang killjoy mo!” reklamo ni Patricia.

Tumingin sa kanya si Robert. “Trish, alam mo kung gaano kaimportante sa akin ng convention na ’to, di ba? Isang taon na ’yun sa kalendaryo ko.”

Sumimangot siya.

“Babe, alam mo naman ’yang kapatid ko kapag

may gustong gawin, di ba? Walang makakapigil,” ani Andrew. “So, that’s it. It’s gonna be a dinner for two. Babe, ihanda mo ang iyong evening gown dahil it’s gonna be our date.”

---

Muli niyang tiningnan ang repleksyon sa salamin. Isang pulang halter gown ang suot ni Patricia na nagpalutang sa magandang hugis ng kanyang katawan. Tinernuhan niya ito ng pula ring stiletto shoes. Naka-French twist ang kanyang mahabang buhok. Isang gold heart pendant necklace na may katernong hikaw ang suot niyang alahas. Manipis na makeup lang ang inilagay niya sa mukha.

Bakit nga ba siya nag-e-effort pang magpaganda gayong si Andrew lang naman ang kasama niya? Tama kaya ang sinabi ni Robert kaninang mag-usap sila?

Talaga yatang eksperto na si Robert sa pagkilatis sa kanya at hindi na niya maitago rito ang tunay na nararamdaman. Pero hindi niya alam kung paano niyang mapapagbago ang isang playboy na katulad ni Andrew.

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Patricia bago dinampot ang regalo

sa ibabaw ng kanyang dresser at lumabas ng kwarto.

Napasipol si Andrew pagkakita sa kanya.

“Ako ba ang may birthday o ikaw?” nakangiti nitong sabi.

Bahagya niya itong inirapan. “Happy birthday.” nakangiti niyang bati at humalik sa pisngi nito saka inabot ang biniling regalo.

Parang batang excited na binuksan nito iyon. Isang gold plated watch iyon na pinalagyan niya ng personalized message sa ilalim. Hindi makapagsalitag bigla siya nitong niyakap.

“Puwede na sa ’kin ang ,” nakatawa niyang sabi nang bitawan siya nito. “Here...” aniyang kinuha ang relo sa box at isinuot sa pupulsuhan nito.

“Thank you so much, babe,” sabi nito at inalalayan siya sa paglakad.

“Saan mo ba ako idi-date?” tanong niya.

“Gusto kong maging pinakaespesyal sa atin ang gabing ito,” ani Andrew habang binubuksan ang pinto palabas ng cottage na tinutuluyan niya sa resort.

Dinala siya nito sa rooftop ng apartment building nito. Mababango ang tea light candles na

siyang pangunahing ilaw sa paligid. Ang mesa sa gitna ay naka-set para sa dalawa at may bote pa ng champagne. May naririnig siyang ballad music sa background.

“Like it?”

“Puwede na. Bakit hindi live ang music?”

“Ayoko ng asungot,” sabi nito.

“Dapat girlfriend mo ang kasama mo dito, eh,” aniya habang inaalalayan nito sa pag-upo.

“Kunwari ikaw ang girlfriend ko.”

“Mag-ingat ka, Andres, baka ma-in love ako sa ’yo,” biro niya.

“Would that be so bad?” bulong nito sa kanyang tainga bago umupo sa silyang katapat niya. Muling nanindig ang kanyang balahibo.

“Hindi ko alam. Hindi ko kasi nakikita ang Andrew na kilala ko as a boyfriend, eh.”

“So, hayaan mong ipakilala ko sa ’yo ngayon ang isang bagong Andrew at saka mo ako husgahan.”

“Nanliligaw ka ba, Robert Andrew?” taas ang kilay na usisa niya.

“Hindi ko alam. Hindi talaga ako marunong manligaw, eh,” nagkakamot ng ulong sabi nito. “Halos puro flings ang mga naging girlfriends ko and I had them all at hello, ’ika nga.”

“Bakit mo ginagawa ’yun?”

“Ang ano?”

“Ang paglaruan ang mga babae?”

“Babe, it’s always a two-way street. Ni wala akong sinabihan ng sa kanila. Hindi rin ako nangangako. Ni hindi ko sila pinipilit lumundag sa kama ko. Madalas sila pa nga ang gumagawa ng first move.”

“Imposible ka talaga,” aniyang umiiling.

“Bakit ba sila ang pinag-uusapan natin? Gabi natin ’to. Ipapakita ko sa ’yo ang Andrew na boyfriend material. Huwag ka lang tatawa at ngayon ko pa lang gagawin ito.”

“Pinagpapraktisan mo pa yata ako, eh.”

“Masaya ka bang kasama ako, babe?” pag-iiba nito sa usapan habang kumakain sila.

“Biro ba ’yan o seryoso?” ganting tanong niya.

“Pwera biro, babe. Gusto ko lang malaman kung hindi kita naiistorbo kapag inaaya kitang samahan

ako. Nakakapraning isipin na pinagtitiyagaan mo lang akong samahan dahil sa utang na loob,” seryoso nitong sagot.

“Oo naman. Kahit madalas nakakapraning din ang mga trip mo,” nakangiti niyang sabi. “Masaya akong kasama ka,” mula sa puso niyang dugtong. Totoo iyon. Pinakamasasayang araw sa buhay niya ay kapag magkasama sila ng binata.

Kinuha ni Andrew ang champagne at nilagyan ang dalawang kopita.

“Alam mong hindi ako umiinom, Andrew,” tanggi niya nang iabot nito ang isang kopita sa kanya.

“Di ka malalasing dito. Come on, ako naman ang kasama mo. Bakit ka matatakot?”

Inabot niya ang alak. Tumikim. Napaubo siya. Hinaplos nito ang kanyang likod.

Inaya siya nitong magsayaw.

“Ang ganda mo ngayon,” bulong nito sa kanyang tainga.

“Ikaw din, nagmukhang kagalang-galang,” biro niya at tumawa ito.

Ewan kung dahil sa alak na nainom, ang gaan ng

pakiramdam niya. Para siyang inihehele. Napayakap siya sa binata para hindi matumba.

“Hey, huwag mo akong tulugan,” mahinang saway ni Andrew.

Inakay siya nito sa tabi ng swimming pool. May nakalatag doong picnic mat. Inalalayan siya nitong maupo. Full moon kaya maliwanag ang kalangitan. Napaka-romantic ng paligid. Hinubad ni Andrew ang suot na coat at tinanggal ang tie. Mayamaya ay nahiga ito sa picnic mat.

“Halika...” Iminuwestra nito ang braso para higaan niya. “Hindi ako nangangagat, babe,” sabi nito nang mapansin marahil ang pag-aatubili niya.

Humiga siya sa tabi nito. Mariin siyang pumikit para namnamin ang sarap ng pakiramdam ng pagkakatabi nila. Amoy na amoy niya ang panlalaking pabango nito. Naramdaman niya ang pagbuntong-hininga nito.

“This feels so good...” mahina nitong sabi.

Marahan siyang tumango bilang pagsang-ayon. Kung puwede nga lang huwag nang matapos ang gabing iyon.

“Mahirap ba akong mahalín, babe?”

“Paano mo nasasabi ’yan sa dami ng girlfriend mo?”

“Hindi ko alam kung mahal ba nila ako dahil sa estado ko sa buhay o sa kapogian ko.”

“Yabang!” Mahina niya itong hinampas sa dibdib. Bahagya itong tumawa ngunit hinawakan ang kamay niya upang manatili iyon sa dibdib nito. Para na tuloy siyang nakayakap dito.

“Di nga. Aminin mo pogi ako.”

“Di ka rin conceited, eh, ’no?”

“Ikaw, kaya mo ba akong mahalín?” mahina nitong tanong at tumingin sa kanya.

Walang tinig na lumabas sa bibig ni Patricia. Pumikit siya sa takot na makita nito ang nilalaman ng kanyang puso. Naramdaman niya ang bahagyang pagbangon ni Andrew at pagharap sa kanya. Hinawakan siya nito sa baba.

“You’re so beautiful...” Bigla siyang dumilat nang maramdaman ang mainit nitong hininga sa kanyang pisngi. “Something happened inside me when I kissed you sa benefit’s ball ni Mayor. Gusto uli kitang halikan para siguraduhing hindi ko lang ’yun imahinasyon. Sabihin mo lang kung gusto mo akong tumigil,”



bulong nito habang inilalapit ang mukha sa kanya.

Alam niya ang gusto nitong gawin. Dapat ay umiwas siya. Sumisigaw ang utak niya sa pagtangga pero iba ang ibinubulong ng kanyang puso. Pumikit siyang muli nang maglapat ang kanilang mga labi.

---

Para siyang inililipad sa gaan ng pakiramdam. Hindi na niya alam kung tama ba itong ginagawa niya. Basta ang alam lang niya ay di niya maipaliwanag ang ligayang nadarama. At gusto niyang ibalik kay Andrew ang ligayang iyon. Wala na siyang pakialam sa bukas. Saka na niya iyon iisipin.

Hindi niya alam kung paano silang nakababa mula sa rooftop patungo sa kwarto ni Andrew. Naramdaman na lamang niya ang paglapat ng likod niya sa kama nito.

Bawat halik, bawat haplos, bawat ginagawa ni Andrew ay may halong pag-iingat. Tumitigil ito sa ginagawa kapag napapaungol siya, sinisigurong hindi siya nasasaktan.

“Tumingin ka sa akin, babe,” anas ni Andrew nang saglit na tumigil sa paghalik sa kanya. Dumilat siya. “Pigilan mo ako ngayon habang kaya ko pa.”

Iyon nga ba ang gusto niya? Di ba dapat tumigil na siya habang binibigyan siya ng pagkakataon ng binata? Pero bakit parang napakalaking kawalan sa kanya kapag hindi niya ito itinuloy?

“Gusto mo ba akong tumigil?” muling tanong ni Andrew at buong ingat na hinaplos ang kanyang pisngi.

Pumikit siyang muli at bilang sagot ay inabot ang mga labi nito. Napaungol ito at muling hinuli ang kanyang mga labi. Mainit ang halik nito, mapusok, naghahanap ng katugon. Naglimayon ang dila nito sa kanyang bibig hanggang sa pakiramdam niya ay pangangapusan siya ng hininga.

Naramdaman niya ang paghaplos ng kamay nito sa kanyang braso patungo sa kanyang balikat at dumako sa itaas ng kanyang dibdib. Nag-iiwan ng nanunuksong init ang dinadaan ng mga palad nito. Napaliyad siya nang masagi ng daliri nito ang dunggot ng kanyang dibdib. Nalunod sa bibig nito ang kanyang ungol.

Pagkuwa’y dahan-dahang bumaba ang kamay nito patungo sa kanyang tiyan at pababa. Napigilan niya ang paghinga nang ipasok nito ang palad sa kanyang panloob.

“A-Andrew...” anas niyang napahawak sa kamay nito, hindi alam kung para pigilan ba ito o igiya sa ginagawa.

Tumigil ang binata at tumitig sa kanya. “Gusto kitang hawakan dito, babe. I will be very gentle...” At marahan siya nitong dinamang roon.

Napapikit si Patricia at hindi napigilan ang mapaangat ang katawan. Kasabay ng paglalaro ng mga daliri nito sa kanyang pagkababae ay naramdaman niya ang mainit nitong mga labi sa kanyang dibdib. Hindi niya namalayan ang pagbaon ng mga kuko niya sa likod nito.

Bumaba pa ang paghalik nito sa kanyang tiyan, patungo sa kanyang puson. Halos mapauupo siya nang maramdaman ang hininga nito sa kanyang pagkababae kasabay ng pagbababa nito ng kanyang panloob.

“A-Andrew...” aniyang tinangkang ilayo ang sarili ngunit pinigilan siya nito sa mga balakang. Muntik na siyang mapasigaw nang ibaba ng binata ang labi nito sa pagitan ng kanyang mga hita. Muli siyang napahiga at napahawak nang mahigpit sa bedsheets. Nakakawala ng katinuan ang ginagawa ni Andrew. Tila siya nilalagnat. Hindi niya alam kung saan ibabaling ang ulo sa sensayong tumutupok sa kanya.

Nang sa palagay niya ay hindi na niya kaya, muling inabot ng binata ang kanyang mga labi kasabay ng pag-ibabaw sa kanya.

Napaluha siya nang maramdaman ang pagpasok nito at agad itong itinulak. Saglit na hindi gumalaw si Andrew, binibigyan siya ng pagkakataong masanay sa bahagi ng katawan nitong nasa kanyang kaibuturan. Muli niyang naramdaman ang palad nito sa hugpungan ng kanilang mga hita. Napaangat ang kanyang mga balakang nang damhin siya roon ng binata dahilang upang matuloy ang naantala nitong pagpasok. Napaungol nang malakas si Andrew at dinamang isang kamay ang kanyang dibdib.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata. Kasabay ng hapdi ay may kaiga-igayang sensasyon siyang nararamdaman na tila siya itinutulak paakyat. Nawala sa sakit ang kanyang pansin kundi sa tila iponipon namumuo sa kanyang kaibuturan. Unti-unting bumilis ang paggalaw ni Andrew at mayamaya pa ay gumuhit ang tila kidlat sa kanyang balintataw at hindi niya napigilan ang mapasigaw. Sinabayan iyon ni Andrew ng malakas na pag-ungol at niyakap siya ng mahigpit bago pinakawalan ang sarili sa kanya.

Nang humupa ang bugso ng kanilang mga damdamin ay saka lang siya napaiyak. Hindi niya

alam kung bakit siya umiiyak.

“Nagsisisi ka ba?” bulong nito.

Umiling siya.

“Bakit ka umiiyak?” tanong nito, at masuyong pinahid ang kanyang luha.

Muli siyang umiling.

“Sabihin mong mahal mo ako,” ani Andrew.

“B-bakit?” mahina niyang tanong.

“So I could say I love you back.”

Sinuntok niya ito sa dibdib. “Aray! Bakit?” reklamo nito.

“You’re cruel!”

“Sinabi ko na nga sa ’yong mahal kita sasabihan mo pa ako ng cruel? Have a heart, babe,” may pagdaramdam na sabi nito.

“Pati ako pinaglalaruan mo.”

“Sino’ng naglalaro? Ngayon lang ako naging seryoso nang ganito sa buong buhay ko. At ’wag mo akong babastedin.”

“Dahil masisira ang malinis mong record kapag

binasted kita?”

“Masisira ang ulo ko kapag binasted mo ako.”

Mahina siyang tumawa kahit tumutulo pa rin ang luha.

“Ang mga ganyang punch line ang nakakasira ng ulo,” aniya. “Ibang klase ka rin, eh, ’no? Nakuha mo na ako at saka ka pa lang manliligaw.”

“Kaya ka nga na-in love sa ’kin, eh.”

Inirapan niya ito.

“So, ano na ang score ko?” muli nitong tanong mayamaya.

“Ewan ko sa ’yo.”

“Sige ka, pag di mo ako sinagot ngayon, iiskor ako hanggang sa mapasagot kita sa sarap,” banta nito at muling pumaibabaw sa kanya.

Napaungol siya nang maramdaman ang paglilikut ng mga kamay nito sa katawan niya.

“Andrew, please...” aniyang nagsisimula na namang mawala sa sarili.

“Sabihin mo, sweetheart...” anang binata habang hinahalikan siya sa leeg.

“A-ang ano?” nawawala na siya sa huwisyong.

“Alam mo na ’yun...” Dumako sa kanyang dibdib ang mga labi nito.

“No....” tanggi niya pero halos hindi na lumabas iyon sa mga labi niya. Nakakabaliw ang sensasyong nadarama niya.

“Huwag kang mag-alala, hindi ako titigil,” ani Andrew at muli niyang narating ang langit.

“I love you,” bulong nito nang muli niyang marating ang sukdulan.

“I love you so much...” awtomatiko niyang sagot.

Napangiti si Andrew bago siya muling hinalikan sa mga labi.